



Child Health Plus Sa Isang Sulyap

SINO ANG KWALIPIKADO?

MGA BATANG:

- Wala pang 19 na taong gulang
- Mga residente ng New York State
- Hindi kwalipikado para sa Medicaid
- Hindi nasasaklawan ng iba pang insurance sa kalusugan
- Hindi naka-enroll o hindi kwalipikado para sa pagsaklaw sa kalusugan sa pamamagitan ng programa ng mga benepisyong pangkalusugan ng estado (NYSHIP)
- Maaaring maging kwalipikado ang mga bata anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na pederal na batas para sa mga karapatang sibil at mga batas ng estado, at walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga kriminal na paghatol, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, mga nakahantad na katangiang namana o buhat ng mga gene, katayuang militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Mga pagbisita para sa well-child (batang walang sakit)
- Mga pisikal na pagsusuri
- Mga pagpapabakuna
- Mga serbisyo sa laboratoryo at imaging
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga inireresetang gamot
- Mga hindi inireresetang gamot, kung iniatas ng doktor
- Pangangalaga sa ospital para sa mga inpatient
- Mga panandaliang serbisyo sa pagpapagamot para sa mga outpatient (chemotherapy, hemodialysis)
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at karamdamang buhat ng labis na paggamit ng droga para sa mga inpatient at outpatient
- Mga serbisyo sa Ngipin at Paningin
- Mga serbisyo sa Pagsasalita at Pandinig
- Matitibay na Kagamitang Medikal
- Hospisyo

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

nystateofhealth.ny.gov | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

MAGKANO ANG ISANG CHILD HEALTH PLUS PLAN?

MGA BUWANANG PREMIUM: Nakabatay ang buwanang presyo sa kita ng sambahayan at laki ng pamilya. * Walang mga buwanang premium para sa mga pamilyang may mas mababang kita. Nagbabayad ang mga pamilyang may mas mataas na kita ng buwanang premium, ayon sa tala sa ibaba. Para sa mas malalaking pamilya, nililimitahan ang buwanang singil sa halagang para sa tatlong bata. Maaaring bayaran ng mga pamilyang may kitang mas malaki sa antas para sa sinusuportahang (subsidized) saklaw ang buong premium, na nagbabago ayon sa kalahok na planong pangkalusugan.

COST SHARING (HATIAN SA GASTUSIN): Ang Child Health Plus ay walang taunang deductible o ikinakaltas at co-payment.

Pinakamataas na Taunang Kita ayon sa Laki ng Pamilya				Buwanang Ambag ng Pamilya para sa Bawat Anak (hanggang para sa 3 anak ang babayaran mo)
1	2	3	4	
mas mababa sa \$20,608	mas mababa sa \$27,872	mas mababa sa \$35,136	mas mababa sa \$42,400	\$0
\$28,594	\$38,673	\$48,752	\$58,830	\$9 (\$27 ang pinakamataas)
\$32,200	\$43,550	\$54,900	\$66,250	\$15 (\$45 ang pinakamataas)
\$38,640	\$52,260	\$65,880	\$79,500	\$30 (\$90 ang pinakamataas)
\$45,080	\$60,970	\$76,860	\$92,750	\$45 (\$90 ang pinakamataas)
\$51,520	\$69,680	\$87,840	\$106,000	\$60 (\$180 ang pinakamataas)
higit sa \$51,520	higit sa \$69,680	higit sa \$87,840	higit sa \$106,000	Buong premium, iba-iba depende sa planong pangkalusugan (walang maximum sa pamilya)

*Batay sa 2021 Federal Poverty Levels (FPL, Pederal na Antas ng Kahirapan). Maaaring isaayos ang Mga Antas ng Kita kada taon ayon sa mga pagbabago sa FPL.